

Para sa karagdagang impormasyon kung paano makilahok sa mga gawaing nabanggit, makipag-ugnayan sa Barangay Fisheries and Aquatic Resources Management Council sa inyong barangay.

Maaari ring makipag-ugnayan sa:

Ang babasahing ito ay nabuo ng PATH Foundation Philippines, Inc. at ng mga I-POPCORM NGOs sa tulong ng The David and Lucile Packard Foundation.

# Masaganang pagkain, kaya nating kamtin





**Bantay Dagat**

4CGD-PL 104080

Kumonti na ang huling isda sa ating karagatan dahil sa dami ng nangingisda at paggamit ng mapanirang pamamaraan ng pangingisda (katulad ng pag-dinamita at paggamit ng "cyanide" o "sodium").

Marami kang puwedeng gawin para ma-solusyonan ang problemang ito:

- Sumapi at aktibong makilahok sa *Bantay Dagat* upang mahinto na ang pag-dinamita, pag-gamit ng "cyanide" o "sodium" sa pangingisda.
- Suportahan ang pagbawal sa paggamit ng lambat na pambaring na nakakahuli ng gusaw, dugong, at pawikan. Suportahan din ang pagbawal sa galadgad sa pagpasok ng hulbot-hulbot sa karagatan.
- Suportahan ang pagbawal ng pag-uuling sa ating bakawan, gayundin ang pagbawal sa pag-kaingin ng ating bundok at kagubatan.
- Makisali sa di-mapanirang kabuhayan. Mga halimbawa ay "beekeeping," "mudcrab culture" at "crab-fattening."